Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO GRADE 7

## MANAGEMENT AND DEVELOPMENT TEAM

| | |
|---|---|
| **Pangkat sa Pagbuo ng Modyul:** | |
| Manunulat | : Anita R. Tarinay, MT I : |
| Tagapaglapat | : Alma N. Dimapilis, MT 1 |
| Patnugot sa Nilalaman | : Museta DR Dantes, PSDS |
| | Liezl M. Evangelista, HT VI |
| **Pangkat Tagapamahala:** | |
| Panrehiyong Direktor | : Malcolm S. Garma, Director IV |
| Tagapamahalang ng mga Paaralang Sagay | : Maria Magdalena M. Lim, CESO V |
| Tagapamuno ng CLMD | : Genia V. Santos |
| Tagapamuno ng CID | : Aida H. Rondilla |
| Panrehiyong Suprebisor (EPS- Learning Area) | : Gloria Tamayo, EPS |
| Panrehiyong Superbisor sa EPS-LR | : Dennis M. Mendoza |
| Pandibisyong Superbisor (EPS- Learning Area) | : Edwin Remo Mabilin |
| Pandibisyong Superbisor sa EPS-LR | : Lucky S. Carpio |
| Panrehiyong Biblyotekaryo | : Nancy M. Mabunga |
| PDO II | : Albert James P. Macaraeg |
| SDO, Pandibisyong Bibliyotekaryo II | : Lady Hannah C. Gillo |



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

# Aralin 1 — Tula/Awiting-Panudyo,Tugmang de Gulong at Palaisipan

Mayaman ang Panitikang Pilipino. Kitang-kita ito sa mga akdang naisalin sa iba't ibang henerasyon. Hindi lahat ay naisulat ngunit nalalaman at napag-aaralan natin ngayon dahil sa pasalin-dilang paraan. Ito ang salamin ng ating pagka-Pilipino. Ilan sa mga ito ay tatalakayin natin sa ating modyul. Sa pag-aaral sa mga ito, makikita natin kung gaano kayaman ang ating panitikan.

## Inaasahan

Sa pagtatapos ng aralin, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. Naihahambing ang mga katangian ng tulang panudyo, tugmang de gulong, palaisipan at bugtong.

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Basahin at unawain ang nasasaad sa bawat bilang. Piliin ang **TITIK** na tinutukoy ng bawat pahayag at isulat ito sa kwaderno.

| | |
|---|---|
| a. Bulong | C. Palaisipan |
| b. Awiting-panudyo | D. Tugmang de Gulong |

1.Tukuyin ang pahayag. “Ang sitsit ay sa aso, ang katok ay sa pinto, sambitin ang para at ako'y hihinto”.
2.Bakit binubuksan ang bintana tuwing umaga? Ito ay isang ______
3.Anong uri ng karunungang-bayan ang pahayag na nasa ibaba?
Si Maria kong dende, Nagtinda sa gabi
Nang hindi mabili, umupo sa tabi
4.Anong uri ng karunungang-bayan ang pahayag na, “Isang butil ng palay, sakop ang buong bahay.”
5. Ang pahayag na ito ay laging nakikita sa mga jeep, “Ang di magbayad ay walang problema, sa karma pa lang ay bayad ka na.” Anong uri ito ng karunungang-bayan?

## Balik-tanaw

Ngayon ay subukan naman natin ang natutuhan ninyo sa nakaraang talakayan tungkol sa paksang ponemang suprasegmental.


Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

**Panuto**: Basahin at unawaing mabuti ang nilalaman ng usapan ng magkaibigan.

Sakay ng isang dyip, masayang nagkukuwentuhan ang magkaibigang sina Athena Ysabella at Alliyah Jane.

Alliyah Jane: Uy, ayusin mo pag-upo mo, hindi ito ang sala ninyo na maaari kang magdekuwatro. Baka masita ka ng drayber

Athena Ysabella: Ate basahin mo ang nakasulat na iyon.Andaming nakasabit.

Alliyah Jane: Nasaan? Ah, ayun ba? Barya lang po sa umaga nang hindi ka maabala.

Athena Ysabella: Opo, iyon mayroon pa. Hindi makasasakay ang barat.

Alliyah Jane: Hindi, makakasakay pa rin ang barat. Hindi naman malalaman agad kung barat ang pasahero eh.

Athena Ysabella: Hindi naman ganoon ang mga Pinoy. Kasi iniisip naman nila ang tubo ng drayber sa maghapong pagmamaneho.

Alliyah Jane: Talaga! Kung hindi ilalabas ni Manong drayber ang armas niyang tubo.

Athena Ysabella: Nakupo, masakit iyon. Bakit kung ikaw ang pasahero, gusto mo bang matawag na Hudas *not pay*?

Alliyah Jane: Naku , ayaw ko. Nakakahiya naman yun.

Athena Ysabella: Talaga, malakas ang pakiramdam ng drayber, alam niya kung sino ang hindi nagbabayad gamit ang kanyang dalawang bolang itim na malayo ang nararating.

Alliyah Jane: Totoo kaya dapat maging matapat na pasahero

**Panuto**: Ibigay ang pagpapakahulugang hinihingi sa bawat bilang ayon sa binasang usapan sa itaas. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

I. Ilahad ang isinasaad na kahulugan ng dalawang pangungusap ayon sa hinto o tigil ng pagbigkas.



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

1. Hindi makasasakay ang barat
   **Kahulugan**: ______________________________

2. Hindi, makasasakay ang barat.
   **Kahulugan**:______________________________

II. Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa ibaba ayon sa diin nito.

- **TU**bo
  **Kahulugan**: ______________________________

- tu**BO**
  **Kahulugan**: ______________________________


III. Itala sa ibaba ang iba pang mga pahayag na laging nakikita sa loob ng mga pampublikong sasakyan.

A. ______________________________.

B. ______________________________.

C. ______________________________.

D. ______________________________.




## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Mayaman ang panitikang Pilipino. Sa katunayan, bago pa man dumating ang mga Kastila na sumakop sa ating bansa, ay may sarili na tayong panitikan katulad ng mga karunungang-bayan na bagamat hindi naisulat ang ilan ay naisalin naman sa pasalin dilang paraan. Halika, pag-aralan natin ang ilan sa mga ito.

Ang **karunungang-bayan** ay isang sangay ng panitikan kung saan nagiging daan upang maipahayag ang mga kaisipan na nabibilang sa bawat kultura ng mga tao. Nakatutulong ito sa pag-angkin ng kamalayang tradisyunal, na nagpapatibay ng pagpapahalagang kultural. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:

1. **Tulang Panudyo** – ang kayarian nito ay may sukat at tugma at karaniwang ginagamit upang mang-asar o mambuska

   Halimbawa:
   a. Bata- batuta
   Isang perang muta
   b. Tutubi-tutubi
   Wag kang pahuhuli
   Sa batang mapanghi
   c. Tatay mong bulutong, pwede nang igatong
   Nanay mong maganda, pwede mong ibenta.

2. **Tugmang de Gulong-** maaaring nasa anyo ito ng salawikain, maikling tula o kasabihan na nakikita sa mga pampasaherong sasakyan na kalimitan ay mga jeepney, bus at traysikel.

   Halimbawa:
   a. Miss na sexy, kung gusto mo ay libre, sa drayber tumabi
   b. Aanhin pa ang gasolina kung ang dyip ay sira na.
   c. Huwag kang magde-kuwatro, ang dyip ay di mo kuwarto.

3. **Palaisipan** – ito ay mga pahayag na kalimitang gumigising sa isipan ng tao na lutasin ang isang suliranin.

   Halimbawa: a May isang bola sa mesa.Tinakpan ito ng sombrero. Paano ito makukuha nang hindi nagagalaw ang bola?
   b. Ako ay nasa gitna ng dagat,nasa huli ng daigdig at nasa unahan ng globo.

   c. Ano ang mas mabigat, isang litrong tubig o isang litrong yelo?
   d. Ano ang makikita mo sa gitna ng DAGAT?

4. **Bugtong** – ito ay binubuo ng isa o dalawang taludtod na maikli at may sukat at tugma na ginagawang pahulaan.


   Halimbawa: a. Dala mo dala ka,dala ka ng iyong dala.
   b. Sinakal ko muna bago ko nilagari
   c. Pinilit na mabili, saka ipinambigti.

**Gawain 1: Puno ng Kaalaman**

**Panuto:** Mula sa tinalakay na uri at halimbawa ng karunungang-bayan sa itaas, Ibigay ang iyong naunawaan tungkol sa estruktura, nilalaman at katangian ng mga ito. Gumuhit o lumikha sa iyong kwaderno ng *tree chart* tulad nang nakikita-sa ibaba. Punuan ng hinihinging sagot ang bawat bahagi nito



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.




**Gawain 2: Ihanay Mo!**

**Panuto:** Basahin ang mga nakatala sa bawat bilang. Isulat ang sumusunod na mga karunungang-bayan sa loob ng kahong kinabibilangan nito. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

A. Si Mario ay isa sa limang magkapatid. Ang mga pangalan nila, umpisa sa panganay ay sina Enero, Pebrero, Marso, Abril at ___________. Ano ang pangalan ng bunso sa magkakapatid?
B. Upong nuwebe lamang nang lahat ay magkasya.
C. No discount Sabado-Linggo/ Holidays
D. Ako'y tutula, mahabang-mahaba, ako'y uupo tapos na po.
E. Langit sa itaas, langit sa ibaba, tubig sa gitna sagot niyog
F. Ate mo, ate ko, ate ng lahat ng tao
G. Nang ihulog ko ay buto, nang hanguin ko ay trumpo
H. Kung ang gumagapang sa aso ay pulgas, sa damo ay ahas, sa ulo ng tao ay kuto, ano naman ang gumagapang sa kabayo?
I. Hindi mo mapipili ang makakatabi mo sa jeep, parang mamahalin mong tao
J. Pedro panduko, Matakaw sa tuyo
Nang ayaw maligo , Pinupok ng Tabo


Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

1. Tugmang de Gulong



B. Tulang Panudyo



C.





D.




https://www.slideshare.net/MichelleMuoz18/tugmaang-de-gulong-tulang-panudyobugtongpalaisipan

**Gawain 3: Ihambing Mo!**

**Panuto:** Ihambing ang mga natutuhang karunungang bayan bilang bahagi ng libangan o pampatalas isipan noon at ngayon.




## Tandaan

- Ang **bugtong, palaisipan at tulang panudyo** ay mga karunungang-bayan na dati pa umusbong sa ating panitikan. Ginagamit ang mga ito, lalo na ang palaisipan at bugtong upang masubukan ang talas at bilis mag –isip ng isang tao. Samantalang ang tulang panudyo ay ginagamit upang mang-asar o mambuska.Malimit marinig ito sa mga bata.
- Ang **tugmang de gulong** ay namayani noong dekada '70. Kalimitang katawa-tawa at maikli ang mga ito ngunit may patama sa mga sumasakay lalo na sa mga pasahero ng jeepney.
- Karaniwang may tugma ang mga bugtong, palaisipan, tugmang de gulong at tulang panudyo ngunit hindi laging may sukat. Simple lamang ang mga paksa ng mga ganitong karunungang-bayan. Ginagamit ang mga ito sa mga kuwentuhan ng mga sinaunag henerasyon bagamat dahil sa teknolohiya ay hindi na kinahihiligan sa ngayon.

Sa yugtong ito ng ating aralin, nalaman na ninyo ang mga karunungang-bayan at mga halimbawa nito. Kaya naman, upang higit ninyo itong maunawaan, kayo naman ang magbigay ng halimbawa ng mga tinalakay natin. Maaari kayong magtanong sa inyong mga magulang o magsaliksik ng mga halimbawa. Isulat ang sagot sa inyong kwaderno.



Bumuo ng sariling tugmang de gulong na maaaring iugnay sa pag-iingat ng mga tao sa pagsakay sa mga pampublikong sasakyan lalo na sa panahon ng pandemya

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat pahayag o pangungusap. Piliin ang **TITIK** ng tamang sagot at isulat ito sa iyong kwaderno.

Para sa bilang 1- 3

A. Tugmang Panudyo
B. Tugmang de Gulong
C. Bugtong
D. Palaisipan

1. Karaniwang makikita ang mga pahayag na ito sa mga pampublikong sasakyan gaya ng jeepney.

2. Tiririt ng maya, tiririt ng ibon, ibig mag-asawa walang ipalamon. Anong karunungang-bayan ito?

3. Ang karunungang-bayan na ito ay kalimitang ginagamit bilang pang-asar sa mga kalarong bata. Ano ito?

4. Sa isang kulungan ay may 10 alagang baka si Mang Renato, lumundag ang lima. Ilan na lamang ang natira sa alaga niya?
A. 10
B. Wala
C. 5
D.3

5. Heto na si Kaka bubuka-bukaka. Ang sagot ay ----
A. zipper
B. tsinelas
C. gunting
D. suklay

6. Si Pedro ay ipinanganak sa Espanya. Ang kanyang ama ay isang Amerikano at ang kanyang ina ay isang Intsik. Bininyagan siya sa Pransiya nang lumaki ay



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

nakapag-asawa ng Haponesa at nanirahan sila sa Hongkong. Sa oras ng kamatayan, siya ay inabot sa Saudi Arabia. Ano ang tawag kay Pedro?

A. bangkay
C. Hapon
B. Pranses
D. Amerikano

7. Anong meron sa aso na meron din sa pusa na wala sa ibon ngunit meron sa manok, dalawa sa buwaya at kabayo, at tatlo naman sa palaka?

A. mga hayop
C. letrang A
B. may mata
D. mga palaisipan

8. Sa buhatan ay may silbi, sa igiban ay walang sinabi. Ano ito?

A. galloon
C. timba
B. basket
D. plastik

9. Itim nang binili ko, naging pula nang ginamit ko. Ano ito?

A. uling
C. paminta
B. toyo
D. ballpen

10. Pedro Penduko, matakaw sa tuyo
Nang ayaw maligo, pinukpok ng tabo

A. bugtong
C. tugmang de gulong
B. tulang panudyo
D. palaisipan

## Papel sa Replektibong Pagkatuto

Dahil sa pandemya, ipinagbawal ang pagbiyahe ng mga tao. Wala tayong makitang dyipni o bus na bumibiyahe, ang mga tulad mo ay nanatili na lamang sa loob ng bahay. Sa iyong palagay, makatutulong kaya ang pagbabahaginan ng mga tulang panudyo, tugmang de gulong, bugtong at palaisipan sa inyong pamilya at sa iyong mga kaibigan bilang bahagi ng libangan? Kung gayon, magbahagi ka ng mga naidudulot sa iyo at sa iyong pamilya ng ating naging talakayan.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________





Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

## Sanggunian

https://philnews.ph/2020/02/17/palaisipan-halimbawa-10-mga-halimbawa-ng-palaisipan/
https://www.google.com/search?q=tugmang+de+gulong+halimbawa&tbm
http://brainly.ph
https://philnews.ph/2019/07/23/halimbawa-ng-tulang-panudyo-kahulugan-halimbawa/
https://takdangaralin.ph/tugmang-de-gulong/
https://philnews.ph/2018/12/20/bugtong-bugtong-20-halimbawa-ng-bugtong-palaisipan/
https://pinoycollection.com/mga-bugtong/
https://www.google.com/search?q=ilaw+image&tbm
https://pinoycollection.com/mga-bugtong/
https://www.slideshare.net/CharissaLongkiao/mga-karunungang-bayan-at-kantahing-bayan

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok:**
1. A
2. A
3. B
4. C
5. C

Panimulang Gawain
1. A. Ang barat o taong ayaw magbayad ng pamasahe ay hindi makasasakay
b. Kahit barat ay makasasakay sad vip
2. a. TUbo- kita sa isang Negosyo
b. tuBO- halamang ginagawang asukal
3. a.Hindi iito ang sala ninyo na pwede kang magdekuwatro
b. Barya lang po sa umaga nang hindi ka maabala
c. Hudas not pay

Gawain2
1.palaisipan
2.Tugmang de gulong
3.tugmang de gulong
4. tulang panudyo
5.bugtong
6.bugtong
7. bugtong
8.bugtong
9.tugmang de gulong
10.tulang panudyo

Pangwakas na Pagsusulit:

| | |
|---|---|
| 1. A | 6. A |
| 2. A | 7. C |
| 3. C | 8. B |
| 4. A | 9. A |
| 5. C | 10. B |


Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.